# Deadline sa tax payments sa QC pinalawig

Hinikayat ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mga taxpayers sa lungsod na samantalahin ang pagbabayad ng buwis na walang penalty.

Ito ay sinabi ni Mayor Belmonte nang ma-extend ng hanggang February 2, 2020 ang deadline ng tax payments bilang tugon sa request ng business community sa lungsod.

"Our business community has requested for additional period of time to allow them to fully comply with the requirements and obligation to the city" pahayag ni Belmonte.

Anya sa QC ay bukas ang lokal na pamahalaan sa anumang suggestions at apela at kung makatwiran naman ang request ay kanila itong inaaksiyunan.

Mula January 15, ang QC government ay nakapagtala na ng nalikom na pondo mula sa business permits na may taas na 16 percent at real property tax ng may 29 percent kung ikukumpara sa nagdaang taon sa kaparehong period. *(Angie dela Cruz)*